

Kahilingan Para sa Muling Pagpapabukas ng Pinutol na Koneksyon (Reconnection Request)

Ang koneksyong pinutol sanhi ng hindi pagbabayad sa dalawang buwang konsumong lumagpas na sa takdang petsa o due date ay maaaring ipakabit kung mababayaran ang naiwang pagkakautang kasama ang *closing bill*, *reconnection fee*, at iba pang bayarin kung mayron man. Ang walang pahintulot na pagbubukas ng pinutol na koneksyon ay direktang paglabag sa kasunduang itinatadhana ng tanggapan at RA 8041.

| | | | | |
|--|--|-----------------------|----------------------------|-----------------------------------|
| Opisina o Dibisyon: | Dibisyon ng Paglilingkod sa Konsesyonaryo | | | |
| Klasipikasyon: | Simple | | | |
| Uri ng Transaksyon: | G2C – Government to Citizen G2B – Government to Business G2G - Government to Government | | | |
| Sino ang makikinabang | Lahat ng Kliyente | | | |
| LISTAHAN NG MGA KAILANGAN | | SAAN KUKUHANIN | | |
| <i>Billing Notice</i> | | Opisina ng HWD | | |
| HAKBANG NG KLIYENTE | AKSYON NG AHENSYA | BAYARIN | KAYARIAN NG PROSESO | KATIWALA |
| 1. Magtungo sa <i>Cust. Service Front Desk (CS Front Desk)</i> at sabihin ang sadya o kahilingan | 1.1 Batiin at interbyuhin ang kliyente | Wala | 3 minuto | <i>Customer Service Assistant</i> |
| 2. Ibigay ang <i>billing notice</i> sa <i>Customer Service Assistant</i> | 2.1 Gawan ng <i>Reconnection Assessment</i> (sumahin at ipaliwanag ang kabuuang halaga na dapat bayaran) at pabayaran ang naiwang pagkakautang sa tubig sa Office Teller | Wala | 3 minuto | <i>Customer Service Assistant</i> |

| | | | | |
|--|---|--|-----------|-----------------------------------|
| 3. Bayaran sa <i>Office Teller</i> ang <i>kabuuang halaga</i> ng naiwang pagkakautang sa tubig (kasama ang surcharge) | 3.1 Tanggapin ang kabayaran, isyuhan ng resibo (<i>Official Receipt (O.R)</i>) | Kabuuang halaga ng naiwang utang sa tubig at surcharge (2 mos. Penalized + closing bill) | 2 minuto | <i>Teller</i> |
| 4. Bumalik sa <i>CS Front Desk</i> , iabot ang <i>OR ng binayang utang sa tubig</i> at bayaran naman ang <i>Reconnection Fee (RF)</i> , <i>Meter Standing Maintenance Fee (MSMF)</i> (kung mayroon) at iba pang pagkakautang | 4.1 Tanggapin ang kabayaran, isyuhan ng <i>O.R</i> at gawan ng <i>Reconnection Request (R.R)</i> ang kliyente | RF - 100.00 | 3 minuto | <i>Customer Service Assistant</i> |
| 5. Lagdaan ang <i>Reconnection Request (RR)</i> at kunin ang isang kopya nito | 5.1 Iproseso ang <i>RR</i> , i-logbook at ibigay sa <i>Engineering Division</i> para ma-iskedyul ito. | Wala | 2 minuto | <i>Customer Service Assistant</i> |
| KABUUAN: | | Kabuuang halaga ng naiwang utang sa tubig + surcharge + RF (₱100.00) | 13 minuto | |
| Katapusan ng Transaksyon | | | | |